

## Pambansang Kumperensiya sa Wika at Sawikaan 2014, sa Setyembre na!



Muling idaraos ng Filipino Institute of Translation, Inc. (FIT) sa pakikipagtulungan sa Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), National Commission for Culture and the Arts (NCCA), at UP Kolehiyo ng Arte at Literatura (KAL) ang “Sawikaan 2014: Pagpili ng Salita ng Taon” kasabay ng “Pambansang Kumperensiya sa Pagpapayaman ng Wikang Filipino” na may temang “Wika ng Kahandaan, Kahandaan sa Wika” na gaganapin sa 25 – 27 Setyembre 2014, 8:00 ng umaga hanggang 5:00 ng hapon, sa Pulungang Recto, Bulwagang Rizal, Faculty Center, UP Diliman, Lungsod Quezon. Ang nabanggit na okasyon ay tinatangkilik din ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) at ng Commission on Higher Education (CHED).

I-download ang Memorandum Pangkagawaran ng CHED at DepEd Advisory:  
<http://tinyurl.com/Sawikaan2014DepEdAdvisory> at  
<http://tinyurl.com/Sawikaan2014CHEDMemo>

Ang Sawikaan ay isang mahalagang proyektong nagtatampok sa pamimili ng pinakamahahalagang salita na namayani sa diskurso ng mga Filipino sa nakalipas na taon. Ilan sa mga itinanghal nang Salita ng Taon ay ang *canvass* (2004), *jueteng/huweteng* (2005), *lobat* (2006), *miskol* (2007), *jejemon* (2010), at *wangwang* (2012). Para sa darating na Sawikaan 2014, napiling nominado ang mga salitang “bossing,” “Filipinas,” “hashtag,” “imba,” “kalakal,” “endo,” “PDAF,” “selfie,” “whistle blower,” “storm surge,” “riding-in-tandem,” “CCTV,” at “peg.” Mga salita itong dulot ng nauusong laro at teknolohiya; naging laman ng telebisyon, mga social network, at balita; o iniluwal ng sumabog na kontrobersiya sa politika at matinding kalamidad. Saksihan kung paano ito bibigyang pakahulugan at ipagtatanggol ng mga kalahok para maging Salita ng

Taon 2014! Naniniwala ang FIT na ang proyektong ito ay isang malikhain at mabisang estratehiya para mapatampok ang dinamismo ng wikang Filipino.

Bukod sa pagpili ng salita ng taon, may inimitahan ding mga respetadong edukador, administrador, at iskolar sa wika na magbibigay ng panayam hinggil sa napapanahong isyung pangwika. Sa taong ito, tema ng kumperensiya ang “Wika ng Kahandaan, Kahandaan sa Wika,” na nakatuon sa gamit ng wika sa iba-ibang larang ng buhay tulad ng edukasyon, kalamidad, at social media. Magkakaroon din ng pakitang-turo na inaasahang makapagbibigay ng mungkahing paraan ng inter-aktibong pagtuturo ngayon sa wika na angkop sa implementasyon ng K to 12 ng DepEd. Sa huli, magkakaroon din ng Workshop upang mailatag ng mga guro ang kanilang mga pangangailangan, sariling ebalwasyon, at pangangailangan sa pagtuturo na maaaring irekomenda sa DepEd para matugunan nila sa lalong madaling panahon bilang paghahanda sa nalalapit na implementasyon ng programang K-12 sa mga susunod na taon. I-download ang tentatibong programa para sa inyong gabay:

<http://tinyurl.com/Sawikaan2014TentatibongProgram>

Bayarin sa rehistrasyon: P3000.00 (**non-refundable**, para sa registration fee, am/pm snack, tanghalian, handout, kit, conference bag, ID, sertipiko, aklat ng Sawikaan)

Kinakailangang magpatala bago ang **14 Setyembre 2014** upang maibilang kayo bilang opisyal na delegado. Kung makapagbabayad sa o bago ang **Setyembre 19**, makakukuha ng 10% deskuwento. Mangyaring magpatala sa online registration sa <http://tinyurl.com/Sawikaan2014> o i-download ang reply slip sa <http://tinyurl.com/Sawikaan2014Reply-Slip>.

Para sa iba pang detalye, maaari kayong makipag-ugnay kay Dr. Edgar C. Samar sa Tel. No. (02) 547-1860 o Mobile no. 0925-7102481 o sumulat sa [fitsawikaan2012@gmail.com](mailto:fitsawikaan2012@gmail.com).

<http://tinyurl.com/Sawikaan2014Imbitasyon>  
<http://tinyurl.com/Sawikaan2014FinalPoster>